AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 68**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 68** |
|---|
| Theme: Mga Pamahiing Pilipino - Umuwi Na't Nariyan Ang Mga Mumu |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Umuwi Na't Nariyan Ang Mga Mumu**

**WRITING PROMPT LESSON 68**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, isang panibagong kwento ang ating matutunghayan at dudugtungan! Handa ka na bang malaman ang isang pamahiing Pilipino tungkol sa gabi? Tara't alamin!

**II.Writing Prompt of the Day**

Tuwing lalabas ay palagi kang sinasabihan ng iyong lolo na laging umuwi nang maaga. Ito ay dahil pagpatak ng ala-sais ng gabi'y naglalabasan ang mga mumu o mga multo.

Isang araw, nakalimutan mong umiwi nang maaga dahil nagkayayaang mas matagal maglaro. Habang naglalakad nakita mo sa iyong orasan na alasais impunto na! Dali-dali kang tumakbo upang mas mabilis makauwi, ngunit, pagkatingin mo sa likod ay may isang babaeng nakaputi at sobrang putla na naglalakad sa likod mo, ito'y umiiyak. Kinilabutan ka sa iyong narinig. Pinagpawisan ka rin nang sobrang lamig.

Pero alam mong dapat ka ring maging matapang dahil ikaw ay naniniwalang hindi ka pababayaan ni Lord. Ikaw ay tumigil sa paglalakad, kahit walang malulunok at lumunok ka at huminga ng malalim. Unti-unti... lumalapit... unti-unti...

Ano ang susunod na mangyayari sa kwento?

•Ano ang dahilan kung bakit umiiyak ang babae?
•Bakit daw siya nakaputing damit?
•Naniniwala ka ba na ang babaeng nakputi ay isang multo o hindi? Bakit?
•Paano mo matutulungan ang babae?
•Tama ba ang sinabi ng iyong lolo na dapat maaga tayong umuuwi sa ating mga bahay? Bakit kaya?

**III.Teacher's Message**
Sagutin ang mga tanong upang mabuo ang kwento. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."